# SARILI IMPORMASYON MAPROTEKTAHAN

*by:*
**Joey R. Cabrera**
*MT-1 Pagalanggang National High School*

Mabuti ito para sa layunin nitong maprotektahan ang ating mga pangunahing detalye. Ngunit, sa aking palagay may masamang epekto dahil hindi pa naman gaanong masiguro ang batas na ito. Hindi din naman lahat ay makakapagrehistro dahil ang ilan ay walang access ng internet, ngunit bakit ginawang sapilitan para sa lahat ng may mga telepono? Paano naman makakapagrehistro ang mga taong de-pindot lamang ang selpon?

Bilang isang manggagawa na sumubok magrehistro sa batas na ito, medyo nahihirapan maisagawa ito dahil sa mahinang sagap ng Net. Batay sa kanilang batas, sa mga kabataan ang gagamitin selpon ay ang sa mga magulang. Ngunit, paano pa ito naging pansariling impormasyon kung hindi naman ayon sa sariling gamit. Sobrang daming prosesong pagdadaanan bago mapagtagumpayan ang pagrerehistro. Kinakailnagan din ng may malinaw na camera na gagamitin para sa pagkuha ng litrato ng ID at ng ating sariling mukha subalit kahit kitang-kita na lahat ng impormasyon ay hindi pa rin ito nagiging maayos sa kanilang sistema at minsan pa nga di pa maging okey at di mataggap ang rehistrasyon mo.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sana bago ito naipatupad pinag-aralan muna nang mabuti, binusisi ang lahat ng mga panig ng sambayanan kung may indibidwal bang mahihirapan o madadalian para lamang sa kagustuhan na masiguro ang aming kaligtasan laban sa mga kumakalat na manloloko at tadtad na mensahe sa telepono. Nararapat ring isipin ng pamahalaan ang mga taong nasa lugar ng kabundukan, o liblib na lugar na hirap makasagap ng internet at walang kakayahang makagamit ng data.

Saganang akin maganda ang layunin ng pamahalaan sa batas na ito para sa kapakanan ng mga mamamayang gumagamit ng telepono pero magiging tiyak ba ang kaligtasan namin ito at ang mga agam-agam na di mawala sa isipan ng mga mamamayan. Hindi ko binabatikos ang nagmungkahi ng batas na ito. Ang akin po ay opinyon lamang na sana mas makagaganda ito sa kalagayan ng mga mamamayang Pilipino.

*Sanggunian:*

https://www.google.com/search?q=sim+card+registration+act&rlz=1C1GCEA_enPH980PH980&ei=tMcbZOLuIu6VseMPj-
https://en.wikipedia.org/wiki/SIM_Registration_Act
https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2022/irr_11934_2022.html
https://www.globe.com.ph/go/technology/article/sim-card-registration-law.html#gref

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan